**CBS800 Sermon on the Mount**
**Conrad Jun Tolosa**

# CBS805 Mga Pangwakas Na Tagubilin

***Basahin Matthew 7:13-28***

*4) Ang maluwang at makipot na daan (basahin: 7:13-14).* Ang Life Principles mula sa katotohanang taglay ng mga pangungusap dito ng ating Panginoon ay napaka-practical. Napakaraming tao dito sa mundo ang naliligaw ng landas. Hindi dapat sunod-sunuran lamang ang mga mananampalataya sa madla. Isang halimbawa na rito ang *fashion*. Hindi mapigilan ng madla ang kanilang sarili pagdating sa bagay na ito. Sunod at sunod sila sa moda o kung ano ang uso. Mahihiya sila na magsuot ng laos na ang stilo. Gumastos na sila kahit hindi nila tunay na kaya. Bibili at bibili pa rin maski na dapat ay ipunin nila ang kanilang pera para sa panahon ng tag-ulan.

*5) Mag-ingat sa mga huwad na propeta (basahin 7:15-23).* Napakaraming mga namumuno sa iglesia ng ating Panginoong Jesus ang bilib na bilib sa matagumpay na *religious leader*, lalong-lalo na kung siya ay banyaga, kaya nanganganib ang mga tupa ni Cristo na mapaglinlangan at mapasunod sa kapahamakan. Ang kapangyarihan, katanyagan, tagumpay, o kayamanan man ay nananahan sa puso ng tao at pilit na manunuot sa puso ng mananampalataya. Mag-ingat tayo dapat sa mga pastor na kulang ang kaalaman sa Salita ng Diyos. Ang focus ng kanilang buhay ay kababalaghan o mga mila-milagro. Ito ay kanilang panakip-butas upang hindi mabigyang pansin ang kakulangan nila sa pagtuturo ng tamang doctrina. Bagamat sila ay nakabibigkas ng Bible verses, hindi ibig sabihin nito na tunay silang pastor ni Cristo. Huwag nating kalimutan na ang puso ng tao ay mapanlinlang (Jeremiah 17:9). Kaya nilang linlangin kahit kanilang sarili hanggang sa punto na sila ay nagiging kapani-paniwala sa kanilang pagsasalita.

Sa ating panahon ngayon, mayroong katuruan na pilit nanunuot sa puso't isipan ng mga mana-nampalataya - - Ang *Big Daddy o Strongman Syndrome*. Ito ay isang lifestyle. Ang mapapansin dito ay ang *attitude* ng mga lider nila. Ang nais ng mga ito ay tingalain sila ng kanilang mga tupa sa halip na sila ay magpakumbaba sa kanilang harapan. Ang kanilang paggamit ng awtoridad ay walang pakundangan. Mapapansin din sa kanila ang kawalan ng *accountability*. Wala silang pananagutan. Sa isang kisap-mata, gagawin nila ano man ang kanilang maisipan na sa kanilang palagay ay tama. Ang mapanganib na resulta ng lifestyle na ito ay ang kahihinatnan ng mga tupa - - ang pagiging *dependent* nila sa kanilang mga *leaders* at hindi sa salita ng Diyos. Nakalulungkot, subalit totoo na maraming mga tupa na gugustuhin pa nila na sabihin na lamang sa kanila ang dapat nilang gawin sa halip na siyasatin nila ang Bibliya sa pag-unawa ng kalooban ng Diyos para sa kanilang buhay. Ayaw na ayaw nila na sila ay pag-iisipin pa. Nakalulungkot na marami sa mga iglesya-local na napakatagal na sa pananampalataya ay nabibilaukan pa rin sa pagkain ng karne.

*6) Ang pagbubuod ni Cristo (basahin 7:24-27).* Tunay na karamihan sa mga dumadalo sa Sunday Service ay hindi masasaksihan ng paglago sa kanilang buhay espirituwal. Hanggang doon na lamang kaya talaga sila? Ang pagiging Sunday Christian. Na sa sandaling lumabas na sa pintuan ng simbahan matapos ang

pagsamba at pakikinig ng aral mula sa Salita ng Diyos ay balik agad sa dating gawi. Ang sabi nga - - pasok sa isang tenga, labas sa kabila.

Mapapansin natin ang bunga ng ganitong uri ng pananampalataya. Isa pang disorder sa buhay Cristiano; another syndrome. Yaon namang, back-to-square-one syndrome; ang buhay sa merry-go-round. Laging ang kinahahantungan ay ang pinagmulan.

Ang mga natututo sa mga pangaral ni Cristo ay mayroon ding kapuna-punang katangian. *Steady* ang kanilang pag-asenso, kahit na sa palagay ng iba ay mabagal ito. Ang mahalaga ay ang paglago ng kabuhayan. Maging material na bagay man o espirituwal, derecho ang progreso. At sila ay nagiging matatag. Hindi bumibigay kahit sa kalagitnaan ng bagyo ng pagsubok.

***Multiple Choice***:

1. Ayon sa Mateo 7:14, bakit maraming tao ang pumapasok sa malawak na daan?
   a. Dahil ito ay humahantong sa walang hanggang kaligayahan.
   b. Dahil hindi nila alam ang makipot na daan.
   c. Dahil ito ang landas na walang makikialam sa iyo at magagawa mo kung ano ang gusto mo.
   d. Dahil ginagarantiya nito ang tagumpay sa pananalapi.

2. Paano magiging gabay ang mga talatang (Mateo 7:13-14) ito sa iyong pagdedesisyon sa buhay?
   a. Itinuturo nito na dapat nating piliin palagi ang landas na pinakamadaling tahakin.
   b. Hinihikayat tayong sundin ang karamihan at sundin ang pamantayan ng *society*.
   c. Hinihikayat tayong mamuhay ng ayon sa turo ng Panginoong Jesus bagamat ito ay salungat sa takbo ng mundo at magiging mahirap gawin.
   d. Itinuturo sa atin na huwag tayong maging *passive* at matutong dumiskarte sa buhay.

3. Nagbabala si Jesus tungkol sa mga bulaang propeta na dumarating sa anong uri ng pananamit?
   a. ordinaryong kasuotan
   b. parang tupang maamo
   c. mamahalin at magarang damit
   d. damit pang-pari

4. Ayon sa Mateo 7:16-20, paano mo makikilala ang huwad na propeta?
   a. Sa pamamagitan ng kanilang mahusay na pananalita at mapanghikayat na mga salita.
   b. Sa pamamagitan ng kanilang kakayahang gumawa ng mga himala at kababalaghan.
   c. Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga o mga resulta ng kanilang mga aksyon.
   d. Sa pamamagitan ng kanilang kayamanan at materyal na pag-aari.

5. Paano mo magagamit ang babala tungkol sa mga huwad na propeta sa iyong buhay ngayon?
   a. Magtiwala sa sinumang nagpapakilala na siya ay pinuno ng relihiyon nang walang pag-aalinlangan.
   b. Maging maingat at matalino kapag sinusuri ang mga turo ng mga espiritwal na pinuno.
   c. Sundin ang mga charismatic na lider nang walang pag-aalinlangan anuman ang kanilang aksyon.
   d. Huwag bigyan ng pansin ang mga tinuturong pang-espiritwal ng mga pinuno.

6. Ano ang kinakatawan ng ulan, baha at hangin sa talinghaga ng matalino at mangmang na nagtatayo ng bahay ayon sa Mateo 7:24-27?
   a. araw-araw na hamon at kahirapan sa buhay
   b. mga himala at kababalaghan
   c. mga material na ari-arian at kayamanan
   d. mga relasyon at pagkakaibigan ng tao

7. Anong aral ang makukuha mula sa talinghaga ng matalino at mangmang na nagtatayo ng bahay ayon sa Mateo 7:24-27?
   a. Ang kahalagahan ng pagtatayo ng sariling muog (fortress)
   b. Ang halaga ng pagkakaroon ng makamundong kayamanan
   c. Ang kahalagahan ng pagkakaroon ng matibay na espiritwal na pundasyon sa pananampalataya at pagsunod.
   d. Ang ideya na swerte ang nagtatakda ng mga hamon sa buhay.

8. Paano makakatulong ang talinghagang ito pag dating sa iyong personal na pananampalataya at pinahahalagahan?
   a. Mahalagang pagtuunan ang panlabas na anyo at mga ritwal ng ating relihiyon.
   b. Ipagwalang-bahala ang mga turo ni Jesus at magtiwala sa sariling kagustuhan.
   c. I-angkla ang iyong pananampalataya kay Jesus, magtiwala at isabuhay ang Kanyang salita.
   d. Maghanap ng pagkilala at papuri mula sa iba na bunga ng iyong pananampalataya.

© August 29, 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.